


Taon XXXIV Blg. 18 Oktubre 21, 2003 www.philippinerevolution.org

Editoryal

Hepeng imperyalista at terorista, itinakwil ng sambayanang Pilipino

ng makapal at maitim na ulap na hatid ng sandaling pagdapo sa Pilipinas ni Pres. George W. Bush ng US noong Oktubre 18 ay hinawi ng pagwagayway ng libulibong bandilang nagpapahayag ng nagpupuyos na protesta ng sambayanang Pilipino laban sa imperyalismong US at papet na rehimeng Arroyo.



Umalingawngaw ang mga sigaw ng ilampung libong nagmartsa sa lansangan at ng milyun-milyon pang tumutututol sa iba't ibang paraan at lugar: Wakasan ang imperyalistang paghahari sa Pilipinas! Wakasan ang papet na rehimeng Arroyo!

Sa kabila ng mga pagtatangka ng rehimeng Arroyo na supilin ang

kanilang mga pagkilos, matagumpay nilang ipinamalas sa buong mundo na ang sambayanang Pilipino ay hindi mga maamong tupang yuyuko sa harap ng pinakamakapangyarihang imperyalista at terorista. Ipinamalas nila ang kanilang nagngangalit na protesta sa papatinding pagsasamantala at pangaaping malakolonyal ng imperyalismong US sa Pilipinas at sa kasuklam-suklam na pagpapakapapet ng rehimeng Arroyo. Ipinamalas nila ang paninindigang patriyotiko at hangaring palayain ang Pilipinas mula sa pagkakasaklot ng imperyalismong US at mga galamay nito sa bansa.

Itinakwil nila ang ibayong pandarambong ng imperyalistang US na nagdudulot ng paqkaatrasado at lalong paghihirap sa mamamayang Pilipino at ang pag-iibayo pa nito sa pamamagitan ng imperyalistang patakarang "globalisasyon ng malayang pamilihan." Sinalamin nila ang pandaigdigang pagtutol sa mga hakbangin ng US na lalong papagsilbihin sa interes nito ang World Trade Organization na nagresulta sa pagbagsak sa huling pag-uusap nito sa Cancun, Mexico. Itinakwil nila panibagong pagtatangka ng US na ipataw ang mga panukala nito sa pamamagitan ng mga bilateral at

Mga tampok
sa isyung ito...

Pakikibakang agraryo
sa Isabela

graryo ng

Paglaban ng mamamayan sa SOT sa Cordillera PAHINA 7 Kwento sa likod ng reyd sa Oras, Eastern Samar

PAHINA 8

rehiyunal na kasunduan sa layuning makipag-unahan sa iba pang imperyalistang bansa at higit pang makapagmonopolisa at makapandambong sa ekonomya ng ibang bansa, laluna ng mga atrasadong bansa.

Itinakwil nq sambayanang Pilipino and tumitindi at lumalalim na armadong interbensyon ng US sa Pilipinas. Nagpahayag sila laban sa mga hakbangin para ibalik ang mga base militar ng US—masaklaw man o maliit, permanente man o hindi. Isinigaw nila ang pagbasura sa Visiting Forces Agreement, sa Mutual Logistics Support Agreement, sa kasunduang naglilibre sa mga sundalong US mula sa pagsaklaw ng International Criminal Court at iba pang kasunduang nagbibigaydaan sa interbensyong militar ng US sa Pilipinas.

Itinakwil nila ang doktrina ng "anti-terorismo" ng US na bulag na sinusuportahan ng rehimeng Arroyo. Binatikos nila si Arroyo sa pagkitil at pagsakripisyo sa altar ng "anti-terorismo" ng usapang pangkapayapaan at pagpunit sa sampung kasunduan sa pagitan ng gubyerno at ng National Democratic Front. Binatikos nila ang tero-

ristang gera ni Arroyo, ang malawakang militarisasyon, at ang pagaarmas ng US sa kanyang pinagkakatiwalaang papet. Binatikos nila ang walang kahihiyang paggigiit ni Arroyo ng armadong panghihimasok ng US sa gera sibil sa Pilipinas at sa digmang anti-Moro sa hibang na pag-aakalang matatakot nito ang sambayanan at mga rebolusyonaryong pwersa.

PINATINGKAD NG PAGBISITA NI PRES. George Bush ng US ang neokolonyal na katangian ng sistemang pampulitika at pang-ekonomya sa Pilipinas. Pinatingkad nito ang patindi nang patinding pang-aapi at pagsasamantala ng imperyalismong US sa Pilipinas at sa iba pang bansang malakolonyal.

Tanging ang mga papet, malalaking kumprador, burukratang kapitalista, pasista, mga nagsasamantala at nang-aapi sa mamamayan ang nagdiwang sa pagbisita ng tinitingala nilang amo at sinasambang diyos—ang imperyalistang hepe at numero unong terorista sa mundo.

"Amen!"at palakpak ang paulitulit nilang tugon sa pagbigkas sa doktrinang "anti-terorismo" ng kanilang panginoong Bush. Tingala silang nakinig sa baluktot na pangangatwiran sa panggegera ng US at pagbibigay-puri sa todong pagsuporta dito ng papet na rehimen ni Arroyo ." Nakiisa sila sa punong barumbado sa mapagmalaking pagdedeklara nito ng matagumpay na pagpapataw ng Pax Americana sa Iraq at Afghanistan at pagyurak nito sa lahat ng umiiral na patakaran sa sibilisadong pakikipag-ugnayang pandaigdig.

Sama-sama silang nagpakabusog sa puu-puong milyong pisong piging at mga palamuting inialay nila kay Bush. Sa pangunguna ng punong papet na si Gloria Arroyo, ipinagdiwang nila ang isang siglo ng kolonyal at malakolonyal na paghahari ng makapangyarihang Amerika at ang mga pinakahuling sabwatan at pakana nila sa mas masahol at garapalan pang pagsasamantala at pang-aapi sa mamamayan. Habang nagmamantika ang kanilang mga labi, abot-langit ang kanilang mga hosana sa imperyalistang "globalisasyon" at pagbibiqay-puri sa "gera laban sa terorismo."

Sama-sama silang nagpatirapa at nagsumamo sa kanilang amo at humingi ng limos—pampakapal sa kanilang mga pitaka, kaunting baryang pampuno sa butas na bulsa ng gubyerno at ilang pinaglumaang kagamitang militar upang ipamuksa sa mga nag-aalsang mamamayan. Tulad ng dati'y ipinangako nilang ialay ang lahat—kahit ang kakaunting natitira pang kalayaan ng Pilipinas. Nakahanda silang baguhin ang mismong konstitusyon ng qubyerno upang pag-ibayuhin pa ang nakapangyayaring neokolonyal na kontrol ng US sa Pilipinas.

Kasuklam-suklam ang Iskandalosong Ginastos para sa engrandeng pagsalubong ng rehimeng Arroyo kay Sundan sa "Editoryal...", pahina 3

*Bayan

Taon XXXIV Blg. 18 ktubre 21, 2003

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.org.

Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng email sa:

angbayan@yahoo.com

Nilalaman

Editorval

Lartoryat	-
Protesta laban kay Bush	3
Bilateral na kasunduan	4
Ulat-koresponsal	
Pakikibakang agraryo sa Isabela	5
Bigo ang "Orgullo" Brigade sa Bico	l 6
Pagtutol sa SOT sa Cordillera	7
Kwento ng reyd sa Oras, Samai	•
Rwento ng reyu sa oras, Samai	O
Usapang pangkapayapaan	10
2 aklat ni Ka Joema	10
Ekstorsyon ng rehimen sa Fraport	11
Balita	12

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

Nagliliyab na mga protesta, sumalubong kay Bush

Tagliliyab na mga bandila ng US ang sumalubong sa walong oras na pagdalaw sa Pilipinas ni Pres. George W. Bush ng US. Sinunog ang mga bandila ng imperyalistang US sa siyam na pangunahing lunsod at mga sentrong bayan sa buong bansa simula gabi ng Oktubre 17 hanggang Oktubre 18.


Ang pagsusunog ng mga bandila ng US at mga *effigy* o imahe nina Bush at Arroyo ay kulminasyon ng halos araw-araw na aksyong protesta sa buong bansa nitong Oktubre. Sa kabuuan, umabot sa 50,000 ang nagprotesta nang dumating ang numero unong terorista.

Pinamunuan ng Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN) ang rali sa Commonwealth Avenue sa Quezon City na dinaluhan ng umabot sa 10,000 demonstrador mula sa mga pambansa-demokratikong organisasyon sa ilalim nito. Kasama sina Rep. Satur Ocampo at Crispin Beltan ng Bayan Muna, nagmartsa sila papuntang Batasang Pambansa Complex ngunit hinarang sila ng 800 pulis na *anti-riot* dalawang kilometro ang layo sa Batasan. Mahigit 11,000 ang pwersang nagbantay sa paligid ng Batasan at Malakanyang.

Habang inaantabayan si Bush, ipinamudmod ng mga demonstrador ang pahayag ni Jose Ma. Sison, senior poltical consultant ng NDF negotiating panel. Wika niya: "Nakipagtagpo ang imperyalistang amo sa kanyang pinakasunud-sunurang papet sa Southeast Asia para makipagbolahan at ipagdiwang ang nakasusulasok na relasyon."

"Para sa mamamayan ng Iraq at iba pang biktima ng imperyalismong US," sigaw ng mga demonstrador habang sinusunog nila ang 100 bandila ng US. Pinag-aapakan ng 300 nagpoprotesta ang isang mas malaking bandila ng US (7 metro ang lapad at 14 metro ang haba) na may nakasulat na US imperialist No. 1 terrorist bago nila ito punitin at sunugin.

Sa labas ng Metro Manila, sabay-sabay na inilunsad ang mga kilos-protesta simula sa bisperas ng dalaw ni Bush.



Umabot sa 7,000 demonstrador sa pamumuno ng BAYAN-Central Luzon ang naglunsad ng martsa-rali mula Oktubre 17 hanggang 18 sa pasukan ng Clark Zone, dating base militar ng US, sa Angeles City. Kasama nila ang mga delegasyon mula sa mga rehiyon ng Ilocos, Cordillera at Cagayan Valley. Sa kabila naman ng tangka ng mga pulis na harangin ang 2,000 kasapi ng Southern Tagalog Opposed to the Presence of Bush (STOP Bush!), nakarating sila sa Maynila. Sa gabi ng Oktubre 17, nagkaroon ng konsyerto ng protesta sa University of the Philippines, Diliman, Quezon City. Noong Oktubre 13 pa nila sinimulan ang kanilang

Sundan sa "Protesta...", pahina 4

"Editoryal...", mula sa pahina 2

George W. Bush. Walang karespetorespeto sa pambansang soberanya at integridad ang rehimen nang hayaan nitong mambastos ang imperyalismong US sa walangmodong paghahalughog ng mga tauhang panseguridad ng US sa mga kasuluk-sulukan ng Malakanyang, Kongreso at iba pang daraanan at titigilan ni Bush. Lubos na nakapagngangalit ang paglalatag ni Arroyo ng pulang alpombra para

kay Bush matapos nitong baklasin ang mga barungbarong ng daandaang maralita ng lunsod at hatawin ng batuta ang mga nagpoprotesta.

Katawa-tawa ang rehimeng Arroyo sa pagbibigay ng lubos na pagpuri kay Bush samantalang ito'y binabatikos ng mamamayan sa buong mundo at kahit ng mamamayang Amerikano dahil sa kanyang pasistang panunulsol ng gera, imperyalistang pambabraso at panlilinlang at pagsisinungaling.

Pagbabayaran nang mahal ni Arroyo ang ipinakita niyang walang-hangganang pangangayupapa sa imperyalismong US. Kasabay ng pagkasuklam ng mamamayan ng mundo at paghusga ng kasaysayan sa diyos-diyosang si Bush, gayon ding huhusgahan si Arroyo sa Pilipinas sa kanyang hangal na pagsusunud-sunuran sa imperyalistang amo at sukdulang pagpapahirap sa mamamayang Pilipino.

Bilateral na kasunduan, niluluto nina Bush at GMA

uluy-tuloy na itinutulak ng imperyalismong US ang "globalisasyon ng malayang pamilihan" sa iba't ibang paraan upang maisulong ang pang-

ekonomyang hegemonya nito sa daigdig. Tuluy-tuloy itong nambabraso upang itulak ang mga pandaigdigang kasunduan sa balangkas ng General Agreement on Tariffs and Trade/World Trade Organization (GATT/WTO). Kasabay nito, nagmamaniobra ang US upang ila-

tag at patatagin ang mga *bilateral* at rehiyunal na mga kasunduan sa pagitan nito at ng iba't ibang bansa. Sa pamamagitan ng gayong mga kasunduan ilulusot ng US at mga papet nitong rehimen ang ibayong liberalisasyon sa kalakalan at pamumuhunan.

Lalong naging makabuluhan para sa imperyalismong US ang pagpapabilis sa pagbubuo ng mga bilateral at rehiyunal na kasunduan at pagpapahigpit sa umiiral nang mga kasunduan sa gayong antas sa harap ng pagbagsak ng pag-uusap ng WTO sa Cancun, Mexico. Sa pakikipagkasundo ng US sa mga rehiyon at bansa, layunin nitong palambutin ang pusisyon ng mga tumutol at bumigo sa mga panukala ng US sa Cancun, at makamit pa rin ang mga adyenda sa likod ng mga panukalang ito. Sa gayon, tuluy-tuloy na itong makapandadambong sa mundo.

Kabilang ang mga ito sa adyenda ni Bush sa paspasang pag-ikot sa Southeast Asia at pagdalo sa Asia-Pacific Economic Cooperation Summit sa Thailand. Mayor na adyenda rin ni Bush ang pangangampanya ng patuloy at higit na suporta ng mga alyado at papet ng US sa "gerang anti-terorista" at pagsusuhay ng mga ito sa humihirap na okupasyon ng US sa Iraq.

Sa Pilipinas, ang *bilateral* na kasunduang binabalak ay hindi nalalayo sa Laurel-Langley Agreement noong 1954 at Bell Trade Act ng 1946. Bibigyan ng *bilateral* na kasunduang ito ng kapantay na karapatan ang mga dayuhan, sa partikular ang mga Amerikanong monopolyong korporasyon, na buung-buong magmay-ari ng mga negosyo at lupain at magkaroon ng kontrol sa iba't ibang aspeto ng ekonomya.

Noon pa mang nakaraang taon ay iginigiit na ng mga higanteng korporasyong Amerikano ang pagkakaroon ng komprehensibong bilateral na kasunduan para sa "malayang kalakalan" sa pagitan ng US at Pilipinas. Noong Abril 2002, pinirmahan ang Business Framework Agreement

(BFA) sa pagitan ng US-Philippines Business Committee at US ASEAN Business Council sa isang panig at, sa kabilang panig, ng RP-US Business Council na aktibong nagtulak para mabuo ang komprehensibong kasunduang ito. Habang wala pa ito, ang BFA ang tatayong kasunduan para sa "malayang kalakalan" na sumasaklaw sa sumusunod:

- 1. Liberalisasyon ng kalakalan at pamumuhunan
- 2. Liberalisasyon ng airlines industry
- 3. Deregulasyon ng sektor ng enerhiya
- 4. Deregulasyon ng mga negosyong nakatutok sa *e-commerce* tulad ng *call centers*
- 5. Pagtutulak ng *genetically-modified organisms* (GMO) sa sektor ng agrikultura
- 6. Pagpapalakas ng turismo

Kabilang sa US-Philippines Business Council ang ilan sa mga higanteng korporasyong Amerikano tulad ng AOL Time Warner, Boeing Company, British Petroleum, Chevron Texaco, Federal Express, Kellogg Brown & Root, Monsanto Company, Motorola, Unisys at United Technologies Corporation.

Ang mga korporasyong katulad nito ang pangunahing makikinabang sa isang kasunduan para sa kalakalan at pamumuhunan sa pagitan ng US at Pilipinas. Itinutulak din ng mga korporasyong ito ang mga pagbabago sa konstitusyon upang alisin ang mga probisyon na nagdedeklara ng proteksyon sa pambansang patrimonya.

"Protesta...", mula pahina 3

caravan sa Calamba City, Laguna.

Mahigit 15,000 ang kumilos sa Bicol: 5,000 sa Sorsogon City; 2,000 sa Naga City; 4,500 sa Masbate City; 2,000 sa Legazpi City; at 400 sa Daet, Camarines Norte. Mahigit 2,000 ang kumilos sa Panay: 2,000 sa Iloilo City; 300 sa Roxas City; at 200 sa Kalibo, Aklan. Mahigit 2,000 rin ang nagrali sa Eastern Visayas: 1,500 sa Catbalogan City; at 550 sa mga lunsod ng Tacloban at Ormoc. Sa Cebu City, 1,000 ang nagprotesta habang mahigit 100 ang nagrali sa Bacolod City.

Sa Mindanao, isang raling

pangkultura ang idinaos sa Davao City na dinaluhan ng may 3,000 katao. Nagtipon naman sa General Santos City ang 5,000 demonstrador. Nagmula sila sa South Cotabato, Sultan Kudarat at Sarangani. May 1,000 ring nagprotesta sa Cagayan de Oro at Misamis Oriental.



Mga aral at tagumpay sa pakikibakang agraryo sa Isabela

patnapu't limang mga lider at kasapi ng Pambansang 🕨 Katipunan ng mga Magbubukid (PKM) mula sa limang bayan ng timog Isabela at prubinsya ng Quirino ang dumalo sa Kumperensyang Magbubukid nitong Setyembre 22-24. Ang pulong na ito na qinanap sa Caqayan Valley ay inilunsad upang lagumin ang mga karanasan at magbuo ng mga resolusyon para sa pagsusulong ng mga pakikibaka ng masang magsasaka sa Isabela.

Kabilang sa mga nilagom ng kumperensya ang karanasan sa kampanyang magsasaka sa dalawang bayan sa Isabela noong Mayo, kung saan napababa ang interes sa pautang nang 40-50% at napawi ang maraming anyo ng pandakomersyante. Mahiqit rayang 101,000 magsasaka mula sa mahigit 100 baryo ang nakinabang sa mga tagumpay na ito.

Malawakang pagpapakilos at paq-oorqanisa sa masa. Tinukoy ang mga salik sa likod ng mga tagumpay na ito. Pangunahin sa mga ito ang pagsusulong ng saklawbayang pakikibakang masa na bumasaq sa konserbatismo sa paglulunsad ng mga pakikibakang agraryo at naging susi sa pagpapabilis ng pag-oorganisa at pagpapakilos sa masa.

pakikibaka, mahigit 1,300 mamamayan ang naipaloob sa mahigit 100 grupo ng mga magsasaka, kababaihan, kabataan, pambansang minorya, bata at panggitnang pwersa. Nasimulan din sa timoq Isabela ang pagbubuo ng balangay ng PKM, at higit pang naparami

ang mga komiteng pangorganisa.


Ilandaang aktibista ang napalitaw at napakilos. Ilandaan pang mamamayan ang nabigyan ng rebolusyonaryong edukasyon sa panahon at pagkatapos ng kampanya. Mahiqit 2,300 maqsasaka mula sa 45 baryo ang napakilos sa mga kumprontasyon. Noon lamang muling naganap sa lugar ang gayong kalaking mobilisasyon.

Antipyudal na linya sa uri. Pangunahing sumandig ang kampanya sa lakas ng mga batayang saray ng uring magsasaka sa pagbubwelo, pagtutuluy-tuloy at pagtataqumpay. Muling pinatunayan na sila ang pinakamapagkakatiwalaang sandigan ng kilusang masa sa kanayunan. Sa batayang ito, pinakilos din ang buu-buong mga baryo, kapwa ang mga nasa batayang saray at panggitnang magsasaka (kabilang ang mga upisyal ng mga tradisyunal na organisasyon at Barangay Council), laluna sa kampanyang anti-usura. Napasuporta o nanyutralisa ang mga mayamang magsasaka (kabilang ang mga quarantor at iba pang ekstensyon ng sistema ng komersyanteng usura).

Makabuluhang bilang ng mga panggitnang pwersa ang naugnayan at tumulong sa kilusang magsasaka. Naugnayan at sumuporta ang mga propesyunal sa mga baryo at sentrong bayan, mga lokal na burukrata, taong simbahan at kawani ng gubyerno at nagbigay sila ng suportang pampulitika, pinansyal at teknikal. Nakatulong din sila sa pagsalag sa pananalakay ng militar sa kilusang magsasaka, pagpapanalo ng mga kahilingan sa kumprontasyon at pagtiyak na hindi tatalikuran ng mga target ng kampanya ang mga naabot na kasunduan.

Kahandaan sa propaganda at pagpapakilos. Mahusay na napaghandaan ang lahat ng pangangailangan sa tuluy-tuloy na paglulunsad ng ahitasyon at propaganda at pagpapakilos sa masa. Umabot sa masaklaw na hanay ng masa ang iba't ibang porma ng propagandang inilabas, tulad ng mga polyeto, istrimer, flyer, pahayaq sa midya at pagsasalita sa istasyon ng radyo. Tiniyak ang pagpapakilos ng libulibo upang maipamalas ang lakas ng kilusang magsasaka. Inihanda ang mga sasakyan, pagkain, at ang plano sakaling pigilin ng AFP at PNP ang aksyong protesta.

Binuo at pinataas ang antas ng mga rebolusyonaryong organisasyong masa bilang gulugod at motor ng kampanya, habang binuo



mga ligal na organisasyon bilang tagapagkoordina ng masaklaw na kampanya.

Mapanlikhang naabot at namobilisa ang masa kapwa sa paraang hayag at lihim.

Rekrutment sa Partido at BHB. Higit sa lahat. tiniyak na ang pagsulong at pananagumpay ng kampanya ay nagsisilbi sa higit pang paglaki at paglakas ng Bagong Hukbong Bayan, Partido at Pulang kapangyarihan ng mamamayan.

Katumbas ng regular na platun ang narekluta sa BHB sa panahon at pagkatapos ng kampanya. Maramiraming kabataan sa baryo ang naengganyong sumanib

sa hukbo batay sa nakita nilang dedikasyon ng BHB sa paggabay sa mga pakikibakang magsasaka. Makabuluhang bilang din ng mga nag-integrasyon mula sa lunsod ang nakumbinsing magpultaym, pangunahin dahil sa namalas nilang mahigpit na relasyon ng BHB at masa, laluna sa pagsusulong ng rebolusyong agraryo. Signipikante ang paglaki ng kasapian ng Partido sa lokalidad, gayundin ang pagdami ng mga kasapi ng milisyang bayan.

Minsan pang napatunayan na ang rebolusyong agraryo ang susing kawing at sinulid na tumatahi sa mga gawain sa kanayunan.

Bigo ang "Orgullo" Brigade sa Bicol

rula nang itatag ang 9th 'Orqullo' Brigade, hi-Lbang ito sa paqrekrut ng maraming kabataang Bikolano magsundalo." Ito pahayaq ni Gregorio Bañares, tagapagsalita ng National Democratic Front sa rehiyon ng Bikol. Nang buuin ang naturang yunit ng Philippine Army noong nakaraang taon, ang plano ay bumuo ng isang dibisyon ng mga sundalong pawang Bikolano. Ginamit ng bagong yunit ang bansag na "Orgullo" dahil sila raw ang dangal ng Bicol (sa wikang Bikol, salitang "orqullo"

ngal"). Ang 9th Brigade ang pangunahing yunit militar na nakatutok sa buong Bikol. Nakabase ito sa Camp Canuto sa Camarines Sur.

nangangahulugang "da-

Pinaliit na brigada lamang ang inabot ng rekrutment para sa binalak na dibisyon. Bilang pampuno, nagrekrut ito ng mga elemento ng CAFGU, kabilang ang mga menorde-edad at mga may kasong kriminal. Sa ganitong paraan, nakatitipid ang brigada habang nalilibre sa maraming trabaho ang mga regular na tropa.

Idinadahilan ng mga upisyal ang kakapusan sa badyet kaya hindi sila makapagrekrut ng sapat na

bilang ng tauhan para sa "Orgullo" Brigade. Ngunit higit pa rito, hindi naqtaqumpay ang brigada dahil kinamumuhian ito ng mamamayan bunsod ng mahabang rekord ng mga krimen at panq-aabuso sa kanila. Simula't sapul, nilabanan na ng mamamayan ang ginagawa nitong

rekrutment para sa CAFGU



yo nito ng mga detatsment sa iba't ibang lugar.

Dagdag dito, hindi lingid sa mamamayan at sa mismong mga elemento ng CAFGU na madalas silang nagiging biktima ng kapalpakan ng AFP at PNP at kanilang mga upisyal. Ilang halimbawa:

Noong Pebrero 20 ngayong taon, napatay ng mga pulis sa isang misencounter sa Barangay Mapinya, Masbate City and isand myembro nd CAFGU at nasugatan ang dalawa pa nang magresponde ang naturang mga elemento ng CAFGU matapos parusahan ng isang yunit ng BHB si

Barangay Kapitan Laloy Danao na mvembro ng sindikato. Pinalabas na lamang sa midya na nilusob diumano ng BHB ang Kababayan Center na nagresulta sa pagkamatay at pagkasugat ng naturang mga elemento ng CAFGU.

Sa isa pang *misencounter*, napatay ng mga sundalo ng 2nd IB ang dalawang elemento ng CAFGU Barangay Bangao, Baleno, Masbate ngunit muling pinalitaw sa midya na napatay ang mga ito nang makasagupa ng BHB. Sa galit ng kasamahan nila sa CAFGU, sabay-sabay silang nagsi-AWOL.

Dahil sa mga ito, dumaraming tropa ang tumitiwalag na sa CAFGU at AFP. Ang iba sa kanila ay sumurender sa BHB at mayroon pang tuluyang sumasapi rito. Ayon sa NDF-Bicol, noong ikalawang linggo ng Setyembre, tumiwalag sa 31st IB ang 13 kasapi ng CAFGU sa Barangay Bagong Silang II sa Labo, Camarines Norte. "Tumiwalag sila dahil hindi na nila masikmura ang pang-aabuso ng mga upisyal ng Charlie Company ng 31st IB, at ang madalas na pagkaantala ng kanilang kakarampot na alawans," ayon kay Bañares.

(Halaw sa Bukas na Liham na NDF-Bikol sa mga CAFGU at karaniwang sundalo ng 9th Brigade, Setyembre 25, 2003)



Pagtutol

ng mamamayan sa

SOT sa Cordillera

ng pagsasagawa ng mg operasyong "kontra-insureksyon" ng mersenaryong militar sa pamamagitan ng mga Special Operations Team (SOT) ay pilit na paggaya ng AFP sa mga Sandatahang Yunit Pampropaganda (SYP) ng Bagong Hukbong Bayan. Liban sa paggamit ng mas maraming pwersa para dumugin ang mga pangunahing kinokonsentrahang

baryo, pagdiriin sa mga aspetong militar at pagpapalaki sa papel ng mga ahensyang sibilyan sa pagpapatupad ng ilang sangkap ng saywar, walang ipinagbago sa esensya ang SOT kahit may bagong taguri ito ngayong Reengineered SOT (RSOT).

Pumapasok ang SOT sa eksena matapos ang *clearing operations* (paghawan), kung saan may pagtayang naitaboy na ang BHB mula sa lugar. Sumasabay sila sa pagsasagawa ng *holding* at *consolidation operations* (paghawak at pagkonsolida). Ang mga operasyon ng SOT ang bumubuo sa ikatlong bahagi ng mas masaklaw na Triad Operations (pagmaniobra o pag-atake, paniniktik at SOT). Sa isang takdang lugar, may umaalalay sa mga SOT na Maneuver Operations at Intelligence Operations.

Palagiang bahagi ng gawain ng SOT ang paniniktik at pagtatanim ng mga asset sa hanay ng masa at panapanahon din itong lumalahok sa mga operasyong pang-atake. Pero ang pangunahing tutok nito ay Civilian-Military Operations (CMO) na sa katunaya'y psychological operations o psy-ops. Nagpapanggap itong mabait at gumagawa ng palsipikadong bersyon ng gawaing masa ng BHB sa pagsisikap na malinlang ang mamamayan, makabig ang kanilang damdamin at kaisipan at mailihis sila mula sa landas ng rebolusyon.

May dalawang paraan ng pagsasagawa ng SOT ng psy-ops: sa salita at sa gawa.

Sa psy-ops sa salita, sinisiraan nila ang rebolusyonaryong kilusan. Sa kanilang mga programa sa radyo, pagpapamiting at pamimigay ng polyeto, inilalarawan nilang demonyo ang BHB. Ipinagkakalat nilang kaya walang nars at doktor na pumupunta sa baryo dahil natatakot ang mga ito sa BHB, na ang BHB ay nagpapatanim ng marijuana, nangingikil sa masa ng panustos, nagsasagawa ng mga kriminal na aksyon para magkapera at iba pang kasinungalingan.

Sa *psy-ops* sa gawa, naglulunsad sila ng mga CMO tulad ng mga *medical mission*,

palaro, palabas at "pag-aaral." Sa katunayan, ang tinatawag nilang mga "pagaaral" ay lektura ng mga upisyal militar, mga nahimok nila o nagpapanggap na rebel returnee.

Sa Cordillera, kabilang sa ginagamit nilang tagabigay ng lektura ang mga elemento ng CPLA.

Walang ibang laman ang mga ito kundi paninira sa komunismo at sa BHB.

"Dangadang" Ginagaya rin nila ang kampanya sa literasi ng BHB. Nagpapalabas sila ng mga sineng mapanira sa Partido at BHB o kaya'y mga malaswang pelikula. Mayroon din silang mga dula kung saan pinalilitaw na sukdula ng sama ang BHB.

Kunwaring nagsasagawa rin sila ng panlipunang pagsisiyasat tulad ng BHB, ngunit ito'y para lamang tukuyin ang mga sumusuporta sa rebolusyonaryong kilusan. Kapag nakabuo na sila ng listahan ng mga inaakala nilang simpatisador, ilalabas nila sa mga pamiting sa baryo ang mga pangalan ng "tukoy" nilang mga "NPA supporter" at ginigipit ang mga ito, tinatakot at iniintriqa.

Nagbibigay din sila ng kakarampot na pinansya para sa mga mapanlinlang na proyektong pangkabuhayan bilang suhol. Kabilang na rito ang mga proyektong kooperatiba na kadalasang pinahahawak nila sa mga oportunista at karaniwang nagiging sanhi lamang ng mga katiwalian at alitan. Partikular sa Cordillera, pinapapapel nila rito ang mga kontrarebolusyonaryong organisasyon gaya ng Kalinga Bodong Council ng mga burukrata at pulitiko at Concerned Citizens of Abra for Good Government ng mga repormistang sosyal demokrata.

Sa mga komunidad na binodngan, nananawagan sila ng pagkakaisa at kaayusan ng mga tribo para hindi lumaganap ang gera ng mga tribo. Pero ang sinasabi nilang kaayusan at pagkakaisa ay pagbubuo ng mga barangay intelligence network (BIN) at CAFGU.

Ngunit sa kalakhan, hirap na hirap pa rin ang mga SOT na makarekrut sa mga baryo, laluna sa mga organisadong baryo. Mangilan-ngilan lamang ang mga baryong may BIN at CAFGU sa Cordillera at ang mga myembro nito'y kadalasan pang mga bataan ng mga Sundan sa "SOT...", pahina 8

Ang kwento sa likod ng reyd sa Oras, Eastern Samar

Noong Hunyo 26, nagulantang ang kaaway nang ilunsad ng mga Pulang mandirigma ang kagila-gilalas na pagsalakay sa detatsment ng 52nd IB sa Barangay Cagpili, Oras, Eastern Samar. Sampung elemento ng CAFGU at limang sundalo ang napatay at dalawa ang nasugatan. Nakumpiska ang 25 armas: isang M203, pitong M16, limang M14, siyam na Garand, dalawang karbin at isang .45 kal. pistola. Nakasamsam din ng 2,225 bala, mga gamit pangkomunikasyon, mga napsak at uniporme at ibang kagamitang militar at pang-upisina.

Ibinabahagi ng sumusunod na artikulo ang matitingkad na katotohanan sa likod ng matagumpay na reyd sa Oras, laluna hinggil sa lawak at lalim ng suportang masa sa armadong pakikibaka. Itinutuwid rin nito ang ipinagkalat ng AFP na mga bulaang kwento. Halaw ito sa mga koresponsal mula sa Eastern Visayas:

adilim pa noong madaling araw ng Hunyo 26 nang lihim na magmaniobra ang mayor na pwersang panalakay ng BHB patungo sa target na detatsment ng 52nd IB sa Barangay Cagpili, Oras, Eastern Samar. Laking-platun na mga

regular na sundalo at mga elemento ng CAFGU ang nakatalaga sa detatsment. Nakapwesto ito sa tuktok ng burol na 50 metro ang taas at nakaharap sa ilog. Dahil dito pinakamalakas ang depensa, hindi inaasahan ng pasistang kaaway na magmumula sa direk-

syon ng ilog ang anumang atake ng BHB. Nakatuon ang pagsubaybay at depensa sa isa pang burol sa likod ng kanilang pusisyon.

Sinamantala ng BHB ang ganitong pag-iisip ng kaaway. Sa binuong plano sa atake, ipinusisyon ang pangunahing base of fire

"SOT...", mula pahina 7 meyor o kaya'y taga-CPLA.

Sa mga lugar na inaabot ng pagkilos ng rebolusyonaryong kilusan at pati ng hayag na demokratikong kilusang masa, malakas ang pagtutol ng mamamayan sa pagsapi sa CAFGU, pakikipagsabwatan sa militar at mga nakapipinsalang proyekto ng gubyerno at ng mga dayuhan at lokal na naghaharing uri.

Ang gawaing pampulitika sa hanay mismo ng militar ay nagbubunga na rin ng dumaraming pagtiwalag sa CAFGU at sikretong pakikipag-ugnayan at pagtulong sa BHB ng marami sa nananatili pang mga elemento ng CAFGU.


Di makuha ng mersenaryo, papet at pasistang militar ang suporta at pagkalingang inaasam nila mula sa masa. Di nila kayang linlangin ang mamamayan sa kanilang pakitang-taong pagpapabango. Di rin talaga gaanong makatagal ang kanilang pagpapanggap dahil sandali lamang ay lumalabas na ang natural na kagaspangan, pagkapasista at pagkalumpen ng mga pwersa ng AFP.

Hindi nila magaya ang BHB, laluna sa usapin ng mahusay na pakikisalamuha sa masa. Sa gayon, hindi nila makamit ang tiwala, pagmamahal at pagkandili na ibinibigay ng masa sa BHB.

Sa isang baryo sa Mt. Province, sa pamiting ay harap-harapang pinagalitan ng upisyal ng militar ang mga tao dahil ayaw ng taumbaryo na bentahan ng manok ang SOT. Bakit wala rin daw gustong maggiya sa kanila sa gubat? Ganito rin ang kaso sa marami pang baryo sa Mt. Province at Abra. Sa Galimuyod, Ilocos Sur naman, ni hindi makapagtayo ng detastment ang 50th IB dahil sa mahigpit na pagtutol ng masa rito.

Ang malawak na pagtutol ng mamamayan ay bunga pangunahin ng masigasig na gawaing pampulitika ng mga rebolusyonaryo at demokratikong pwersa sa hanay ng mga magsasaka at mga pambansang minorya at dahil na rin sa mahabang karanasan ng mamamayan sa pang-aapi at sa paglaban nila rito.

Sa maraming lugar sa Cordillera, may mahabang kasaysayan ng malawakang pakikibaka ng mamamayan laban sa reaksyunaryong estado at mga pasista, mga mananakop at mga naghaharing uring nais mangamkan ng lupang ansestral at likas na yaman at patindihin ang pagsasamantala at pambansang pang-aapi sa mga minorya. Magigiting na halimbawa nito matatagumpay na paglaban sa Chico Dam, Cellophil at mga dambuhalang dayuhang kumpanya sa pagmimina. Bukod rito'y tuluy-tuloy na itinataquyod rebolusyonaryong kilusan at ng mga hayag na demokratikong organisasyon alyansa at malawakang pagkakaisa at puspusang paglaban ng mga tribo at buong mamamayan sa mga saligang problema ng bayan at sa partikular na problema ng pambansang pang-aapi.



sa kabilang burol bilang dibersyon at pampayong sa mayor na pwersang panalakay at pangalawang base of fire. Ayon sa plano, aagawin muna ang mahinang bahagi ng detatsment sa isang dulo at gagawing ikalawang base of fire, upang hakbang-hakbang na makuha ang mga pusisyon ng kaaway sa gitna at sa kabilang dulo na may pinakamalakas na depensa.

Pagsapit ng takdang oras na 4:30 ng umaga, ang katahimikan ay biglang binasag ng naglalakasang mga putok ng mga masinggan at baril ng base of fire #1. Mula pa sa malayo, tumulak ang mga Pulang mandirigma sa base of fire #2 at pwersang pangassault tungo sa kanilang takdang pusisyon.

Mistulang mga bolang apoy ang mga flare na pinalipad ng mga pasistang sundalo upang maaninag ang naglalapitang mga Pulang mandirigma. Ginapang ng mga Pulang mandirigma ang maputik at matarik na burol na kinalalagyan ng detatsment. Dagdag na pahirap ang balakid ng matibay na dobleng bakod na kahoy na nilagyan ng alambre. Kung kaya sa kalaunan, inangat na lang ang bakod upang makagapang ang mga kasama sa ilalim, samantalang dumaan ang karamihan sa hagdan at pasukan ng detatsment.

Pagkatapos ng halos walang puknat na putukan, naagaw ng mga Pulang mandirigma ang target na isang dulo ng pusisyon ng kaaway. Agarang pumusisyon ang base of fire #2 upang makonsentrahan ng putok ang gitnang pusisyon ng kaaway na inaatake na ng pwersang pang-assault.

Natuklasan nq mqa Pulang mandirigma na higit na mas mahusay ang depensa ng detatsment kumpara sa impormasyong hawak nila. Mas marami ang mga bahay—umaabot sa 19, sa halip na 15—at may sistema ng mga running foxhole na naguuqnay sa mga bahay tungo sa prinsipal na erya ng depensa ng kaaway na nakaharap sa kabilang burol. Gayunpaman, isa-isang pinaglabanan ang bawat bahay, hanggang naagaw pati ang gitnang pusisyon ng kaaway at nakubkob ang natitirang mga sundalo at elemento ng CAFGU sa pusisyon huling dulo nq detatsment. Sumuko ang natitirang mga sundalong sugatan at nakontrol ang detatsment pagkatapos ng humigit-kumulang isang oras at 45 minuto.

Ginamot ng BHB ang mga nasugatan—sina Mary Jane Canonigo, asawa ng isa sa mga namatay na sundalo, at isang Pfc Nadera.

Nang mabatid ng mga Pulang mandirigma na nasa isang foxhole at sugatan si Gng. Canonigo, agad siyang kinuha at iniatras sa ligtas na lugar, kung saan binigyan ng paunang lunas ang kanyang mga sugat. Taliwas ito sa inilabas ng kaaway na si Gng. Canonigo ay nakipagbarilan sa mga kasama hanggang kamatayan. Inihabilin siya ng mga kasama sa masa upang matiyak na maipadadala siya sa ospital. Ang sanggol ni Gng. Canonigo na kasama niya sa foxhole ay ihinatid sa karatig na baryo upang maalagaan at matiyak na maibabalik sa mga kamaganak. Bago siya ientrega sa masa, hiniling ni Gng. Canonigo sa mga medik ng BHB na gumamot sa kanya na huwaq siyanq iwan—patunay sa mahusay na pagtrato sa kanya ng mga Pulang mandirigma. Sa kasawiang palad, namatay sa ospital si Gng. Canonigo.

Nang gamutin naman si Pfc Nadera, taos-puso ang pasasalamat niya sa mga kasama. Bago umatras ang mga gerilya, tiniyak nilang naisakay ang sugatang sundalo sa *pumpboat* upang agad na maihatid sa ospital.

Sinunog ng mga Pulang mandirigma ang sundan sa "Oras", pahina 10

Usapang pangkapayapaan ng NDF at GRP, muling bubuksan

Makaraan ang mahigit dalawang taong suspensyon ng rehimeng Arroyo, muling bubuksan sa susunod na buwan ang pormal na usapang pangkapayapaan sa pagitan ng National Democratic Front (NDF) at ng Government of the Republic of the Philippines (GRP). Ito ang napagkasunduan ng magkabilang panel ng negosasyon sa impormal na pulong na idinaos sa Oslo, Norway noong Oktubre 9 at 10, ayon sa NDF negotiating panel.

Ibabatay ang usapang pangkapayapaan sa The Hague Joint Declaration at siyam na iba pang bilateral na kasunduan, sa Utrecht Joint Statement noong Marso 9, 2003 at sa Oslo Communique noong Abril 30, 2001.

Tinuran ng NDF na balakid sa usapang pangkapayapaan ang patuloy na pagkakahanay ng US at European Union sa PKP, BHB at kay Jose Ma. Sison bilang mga terorista. Ayon sa NDF, ito ay panghihimasok sa panloob na usapin ng bansa at dapat kundenahin ng GRP.

Dalawang bagong aklat ni Ka Joema, inilunsad

Inilunsad ng palimbagang Aklat ng Bayan noong Oktubre 10 ang dalawang bagong aklat ng nakadistyerong rebolusyonaryong lider, Jose Ma. Sison, ang US Terrorism in the Philippines at Pulitika at Ekonomya ng Pilipinas sa Balay Kalinaw sa University of the Philippines sa Quezon City.



Ang US Terrorism in the Philippines ay kalipunan ng matatalas at malalalim na komentaryo ni Sison hinggil sa mapandambong, mapang-api at teroristang operasyon ng imperyalismong US sa Pilipinas at sa daigdig at sa paglaban dito ng mga rebolusyonaryong pwersa at mamamayan. Binatikos din dito ang mga di makatarungan at malisyosong paninira ng mga imperyalista, pangunahin na ng US, at ng papet na rehimen, at pagbabansag sa kanya at sa PKP at BHB bilang "terorista."

Salin naman ng bersyong Ingles ang *Pulitika at Ekonomya sa Pilipinas* na unang ipinalabas noong 1998. Nilalaman nito ang serye ng mga interbyu sa kanya ng asawa niyang si Juliet de Lima-Sison noong nakakulong si Ka Joema.

"Oras", mula pahina 9

detatsment bago sila sumakay sa tatlong *pumpboat* sa pag-atras. Hindi na sila nasundan ng kaaway.

Mapagpasyang papel ng masa. Sa kalakhan ng proseso ng pagsasagawa ng BHB ng taktikal na opensiba, mapagpasya ang papel ng masang magsasaka at yunit milisya. Nagmobilisa ang mga kasapi ng mga organisasyong masa sa Northern at Eastern Samar at aabot sa 97 mga kasapi ng yunit milisya ang lumahok at sumuporta sa taktikal na opensiba sa iba't ibang paraan.

Ang mga myembro ng mga organisasyong masa ang nagtiyak na maayos ang daloy ng pagkain, gamit at iba pang suplay para sa malaking bilang ng mga Pulang mandirigma mula sa iba't ibang yunit gerilya na nagtipon para sa taktikal na opensiba. Nakailang araw muna sila sa kanilang pwesto habang hinihintay ang takdang araw ng reyd, subalit hindi man lang sumingaw ang kanilang presensya. Ang masang magsasaka ang nagsilbing mga mata at tainga ng BHB, samantalang nanatiling bulag at bingi ang pasistang militar sa pagkilos ng mga Pulang mandirigma.

Direkta namang lumahok ang mga kasapi ng mga yunit milisya sa taktikal na opensiba mula sa paghahanda, aktwal na paglulunsad nito at pag-atras. Sila ang naghatid ng pagkain sa mga kasama hanggang sa atrasan, nagdala ng mga pampasabog at iba pang ordnans, at nag-alaga at nagdala sa mga sugatang kasama pagkatapos ng labanan. Isa sa

kanila ang tumulong sa mga Pulang mandirigma sa paggamit ng masinggan, samantalang 10 ang sumuporta sa tim ng mga medikal. Ang iba naman ay nagbura ng mga bakas na iniwan ng mga Pulang mandirigma sa daan.

Habang tinutupok ng apov ang nadurog na kampo ng kaaway, ligtas na binaybay ng mga Pulang mandirigma ang ilog. Dumaan ang mga pumpboat sa ilang baryo, kung saan nagtipon sa tabing-ilog ang masang magsasaka upang batiin ang mga Pulang mandirigma at ipaqbunyi ang matagumpay na taktikal na opensiba. Pagkatapos ng alingawngaw ng mga bala, umalingawngaw naman sa kahabaan ng ilog ang pagbubunyi ng mga magsasaka: "Mabuhay ang BHB! Mabuhay ang matagumpay na opensiba!"

Tangkang ekstorsyon ng Malakanyang, ibinunyag ng Fraport



atinding dagok sa rehimeng Arroyo ang pinakahuling pagbubunyag ng ekstorsyon ng mga kapanalig ng rehimeng Arroyo sa Fraport AG, ang kumpanyang German na pangunahing kasosyo sa pagtatayo ng Terminal 3 sa Ninoy Aquino International Airport (NAIA). Pormal na naghapag ang Fraport ng reklamo tungkol dito sa International Center for the Settlement of Investments Disputes (ICSID), isang ahensya sa ilalim ng World Bank.

Inireklamo ng Fraport na humingi ng aabot sa \$70 milyon ang personal na abugado ni Arroyo—si Atty. F. Arthur Villaraza—at si Jose Miquel "Mike" Arroyo, asawa ng presidente, upang mapatalsik sa proyekto ang pamilyang Cheng, ang dummy na pinalalabas na may-ari ng mayorya ng mga sapi sa PIATCo. Magkasosyo ang Fraport at PIATCo sa pagtatayo ng NAIA Terminal 3.

Dagdag pa, "mariing iminung-kahi" ni Gloria Tan-Climaco, noo'y presidential adviser for strategic projects, na kunin ng Fraport AG ang serbisyo ng Villaraza-Angangco Law Offices dahil malakas ang kuneksyon nito sa Malakanyang. Ang nasabing opisina ay nasa LTA Building, na pag-aari ng pamilya ni Mike Arroyo.

Ayon sa Fraport, hinihiling ng qubyerno na patalsikin ng Fraport pamilyang Cheng bigyang-daan ang pagpasok sa proyekto ng grupo ni Lucio Tan, kroni ng Malakanyang. Kabilang sa mga direktang nagpresyur sa Fraport si Atty. Avelino Cruz, Chief Presidential Legal Counsel. Nang hindi pumayaq ang Fraport sa kagustuhan ng Malakanyang, pinawalambisa ng Korte Suprema noong Mayo ang kontrata ng Fraport at PIATCo sa pagtatayo ng proyekto.

Ang pagbubunyag ay nilaman ng sulat sa ICSID noong Setyembre 17 nina Wilhelm Bender at Manfred Schulch, chairman at vice chairman ng Fraport AG. Hiniling ng Fraport sa ICSID na mamagitan ito sa pakikipagnegosasyon ng kumpanya sa gubyernong Arroyo na bayaran ito ng \$425 milyong danyos sa arbitraryong pagpapawalambisa sa kontrata at sa mga nagastos na ng Fraport sa pagtatayo ng paliparan.

Noong Enero pa tumampok ang mga katiwalian sa NAIA 3 nang sampahan ng kaso sa Presidential Anti-Graft Commission (PAGC) ang pitong malalapit na tauhan ng presidente kaugnay ng maanomalyang pagbibigay sa PIATCo ng kontrata para sa NAIA 3. Kabilang sa sinampahan ng kasong katiwa-

lian si Edgardo Manda, general manager ng Manila International Airport Authority (MIAA) at dating deputy chief of staff ni Arroyo noong siya'y bise presidente pa. Muling tumampok ang kaso nitong huli nang nagsampa na ang Fraport ng kaso sa ICSID

Pinakahuli lamang ang kaso ng katiwalian kaugnay ng Fraport sa tampok na mga iskandalo sa korapsyon na kinasasangkutan ng mag-asawang Arroyo. Noong Oktubre 13, ipinrisinta ni Sen. Panfilo Lacson ang ikatlong bahagi ng kanyang pagbubunyag tungkol sa pangungurakot ng mga Arroyo. Kabilang sa 23 ebidensya ng korapsyon laban sa mga Arroyo ang paggamit sa pondo ng Philippine Charity Sweepstakes Office at Government Service Insurance System para sa kampanyang pampulitika ng presidente

Sa panahon ding ito, ika-11 ang Pilipinas sa mga bansang pinakakorap sa talaan ng Transparency International, isang organisasyong naghahanay taun-taon ng mga bansa sa buong daigdig ayon sa lala ng korapsyon. Mula ito sa katayuang pang-12 noong nakaraang taon. Sa Southeast Asia, pangapat ang Pilipinas sa pinakakorap na bansa—pagtakapos ng Bangladesh na numero una sa buong mundo, Indonesia at Vietnam.





Oktubre 18, Agusan del Sur: Sinalakay ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang isang detatsment ng 4th ID sa Barangay Berseba, Bayugan. Isang sundalo at isang kasapi ng CAFGU ang namatay. Sinamsam ng BHB ang kanilang mga armas.

Oktubre 15, Albay: Isang elemento ng CAFGU and napatay at nasugatan and dalawand sarhento at isa pang CAFGU nang magkasagupa ang mga nagpapatrulyang tropa ng 201st Bde at BHB sa Barangay Danao, Polangui.

Oktubre 14, Isabela: Isang sarhento ng 21st IB ang namatay at isa ang nasugatan nang tambangan sila ng BHB sa Barangay Mabayyad sa hangganan ng mga bayan ng Jones, San Agustin at Echague.

Oktubre 13, Camarines Norte: Nireyd ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang munisipyo ng San Lorenzo Ruiz, Camarines Norte. Bandang alas 9:45 ng gabi nang sumalakay ang mga Pulang mandirigma. Dalawang pulis ang nasugatan sa labanan. Nasunog din ang dyip ng PNP nang paputukan ito ng grenade launcher.

Oktubre 10, Occidental Mindoro. Dalawang tropa ng 408th PNP Provincial Mobile Group ang napatay at dalawa pa ang nasugatan nang pasabugan ng bomba ang kanilang sinasakyang dyip sa Sityo Kadilawan, Barangay San Vicente, Abra de Ilog, Occidental Mindoro.

Oktubre 4, Laguna. Apat na tropa ng 1st IB ng Philippine Army ang napatay nang makasagupa ang isang iskwad ng BHB sa Sapang Bomba sa hangganan ng Cavinti, Laguna at Mauban, Quezon. Ginagalugad ng isang platun ng militar ang masukal na bahagi ng hangganan ng Laguna at Quezon nang mamataan sila ng mga Pulang mandirigma. Kaagad silang pinaputukan ng BHB.

Apat ang napatay at marami pang sundalo ang nasugatan. Itinago ng reaksyunaryong militar ang engkwentrong ito, at sa halip, ipinagyayabang ni Col. Daniel Lucero, tagapagsalita ng AFP, na nakaagaw sila ng isang kampo ng BHB sa Barangay Calminaue, Cavinti, Laquna. Ngunit nasaksihan mismo ng mga taong nakatira sa paligid ng lawa ng Caliraya, na malapit sa lugar ng engkwentro, nang dalhin ng isang helikopter ang mga patay at sugatang sundalo sa hedkwarters ng 1st IB sa Kanlurang Talaungan, Cavinti.

Mga hukom, naglunsad ng aksyong protesta

Pansamantalang natiqil ang serbisyo ng mga korte sa Maynila at sa iba pang lunsod at bayan ng bansa noong Oktubre 6 nang maglunsad ng mga aksyong protesta ang mga hukom. Iginigiit ng mga mahistrado at empleyado ng korte ang pagpapatibay sa nabinbing Senate Bill 2018 na nagsasaad ng 25% pagtaas sa kanilang sweldo at alawans. Sa Cebu City, sinuspindi ng mga huwes ang pagdinig sa mga kaso sa naturang araw. Nagpahayag naman ng suporta sa kanila ang Integrated Bar of the Philippines-Cebu City at prubinsyal na tsapter nito. Sa Negros Occidental, nagsara ang mga korte sa pitong syudad at sa sampung iba pang bayan.

GSIS, niyanig ng mga protesta

Niyaniq ng malawakang protesta noong Oktubre 6 at 8 ang Government Service Insurance System (GSIS) dahil sa malakihang mga kaso ng katiwalian sa pamunuan nito. Sa pamumuno ng Confederation for the Unity, Recognition and Advancement of Government Employees (COURAGE), naglunsad ng martsa-protesta noong Oktubre 8 sa Maynila ang mga kawani. Umabot ng 5,000 ang nagtipon sa harapan ng punong upisina ng GSIS sa Pasay City para igiit ang pagpapatalsik kay Winston Garcia, presidente at general manager ng GSIS.

Sa Baquio City at San Fernando City, La Union, pinamunuan ng COURAGE ang mga kilos protesta at ganundin sa Lucena City. Mga 400 kawani ng 26 na iba't ibang ahensya ng gubyerno sa Tacloban City ang naglunsad ng protestang pinamunuan ng COURAGE-Eastern Visayas. Naqsaqawa ng caravan sa Bacolod City ang 500 kasapi ng COURAGE. Nagmartsa ang lokal na alyansa ng mga empleyado ng gubyerno na Protect Our Funds at COURAGE sa rehiyunal na tanggapan ng GSIS sa Iloilo City bago magsagawa ng noise barrage.

Rehimeng Sanchez-Lozada ng Bolivia, ibinagsak ng mamamayan

Sa kabila ng pagsuporta ng gubyernong US, tuluyang bumagsak ang rehimen ni Pres. Gonzalo Sanchez de Lozada ng Bolivia noong Oktubre 17 pagkatapos ng isang buwang madugong pag-aalsa ng mamamayan sa pamumuno ng Bolivian Workers Central. Pumalit sa kanya si Bise Pres. Carlos Mesa. Nag-iwan ang rehimen ng 86 na patay at mahigit isandaang sugatang mamamayan. Nagbunyi sa mga lansangan ang mga minero, estudyante, titser, magsasaka, katutubong Indian at relihiyosong Katoliko nang mabalitaan ang pagbibitiw ng kinamumuhiang pangulo. Ang isang buwang pag-aalsa ay bunsod ng tumitinding pabigat sa mamamayan ng imperyalistang "globalisasyon ng malayang pamilihan" at lumalalang karalitaan.

Taon XXXIV Blg. 18 Oktubre 21, 2003 www.philippinerevolution.org

Editoryal

Hepeng imperyalista at terorista, itinakwil ng sambayanang Pilipino

ng makapal at maitim na ulap na hatid ng sandaling pagdapo sa Pilipinas ni Pres. George W. Bush ng US noong Oktubre 18 ay hinawi ng pagwagayway ng libulibong bandilang nagpapahayag ng nagpupuyos na protesta ng sambayanang Pilipino laban sa imperyalismong US at papet na rehimeng Arroyo.



Ang pagsilab sa daan-daang bandila ng US—simbolo ng imperyalistang pang-aapi at pagsasamantala sa Pilipinas at sa buong mundo—ay nagdulot ng liwanag habang ang dambuhalang anino ng imperyalistang agila ay kumubabaw sa buong bansa.

Umalingawngaw ang mga sigaw ng ilampung libong nagmartsa sa lansangan at ng milyun-milyon pang tumutututol sa iba't ibang paraan at lugar: Wakasan ang imperyalistang paghahari sa Pilipinas! Wakasan ang papet na rehimeng Arroyo!

Sa kabila ng mga pagtatangka ng rehimeng Arroyo na supilin ang

kanilang mga pagkilos, matagumpay nilang ipinamalas sa buong mundo na ang sambayanang Pilipino ay hindi mga maamong tupang yuyuko sa harap ng pinakamakapangyarihang imperyalista at terorista. Ipinamalas nila ang kanilang nagngangalit na protesta sa papatinding pagsasamantala at pangaaping malakolonyal ng imperyalismong US sa Pilipinas at sa kasuklam-suklam na pagpapakapapet ng rehimeng Arroyo. Ipinamalas nila ang paninindigang patriyotiko at hangaring palayain ang Pilipinas mula sa pagkakasaklot ng imperyalismong US at mga galamay nito sa

Itinakwil nila ang ibayong pandarambong ng impervalistang US na nagdudulot ng pagkaatrasado at lalong paghihirap sa mamamayang Pilipino at ang pag-iibayo pa nito sa pamamagitan ng imperyalistang patakarang "globalisasyon ng malayang pamilihan." Sinalamin nila ang pandaigdigang pagtutol sa mga hakbangin ng US na lalong papagsilbihin sa interes nito and World Trade Organization na nagresulta sa pagbagsak sa huling pag-uusap nito sa Cancun, Mexico. Itinakwil nila panibagong pagtatangka ng US na ipataw ang mga panukala nito sa pamamagitan ng mga bilateral at

Mga tampok sa isyung ito...

Pakikibakang agraryo sa Isabela

PAHINA 3

Paglaban ng mamamayan sa SOT sa Cordillera

PAHINA 7

Kwento sa likod ng reyd sa Oras, Eastern Samar

PAHINA 8